# SI HESUS, ANAK NI MARIA (BAHAGI 2 NG 5): ANG MENSAHE NI HESUS

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Ang totoong katayuan ni Hesus at ang kanyang mensahe sa Quran, at ang kaugnayan ng Bibliya ngayon sa paniniwala ng mga Muslim.

**Kategorya:** Mga Artikulo Mga Paniniwala ng Islam Mga kwento ng mga Propeta

**Kategorya:** Mga Artikulo Paghahambing ng Relihiyon Hesus

**Ni:** Aisha Stacey (© 2008 IslamReligion.com)
**Nailathala noong:** 24 Aug 2020
**Huling binago noong:** 25 Nov 2021

Naitatag na natin na si Hesus, anak ni Maria, o sa tinatawag ng mga Muslim, na *Eissa ibn Maryam*, ay nagsagawa ng kanyang unang himala habang kalong sa mga bisig ni Maria. Sa pamamagitan ng pahintulot ng Diyos ay nagsalita siya, at ang kanyang mga unang salita ay **"Ako ay alipin ng Diyos," (Quran 19:30)**. Hindi niya sinabi na "Ako ang Diyos" o kahit na "Ako ay anak ng Diyos". Ang kanyang mga unang salita ay itinatag ang pundasyon ng kanyang mensahe, at ang kanyang misyon: upang manawagan sa mga tao pabalik, sa dalisay na pagsamba sa Isang Diyos.

Sa panahon ni Hesus, ang konsepto ng Isang Diyos ay hindi bago sa mga Anak ng Israel. Inihayag ng Torah na **"Makinig kayo O Israel, ang Panginoong Diyos ay Iisa," (Deuteronomio: 4).** Gayunpaman, ang mga kapahayagan ng Diyos ay minali ng pagkaintindi at inabuso, at ang mga puso ay naging matigas. Dumating si Hesus upang tuligsain ang mga pinuno ng mga anak ni Israel, na nahulog sa buhay ng materyalismo at luho, at upang panindigan ang batas ni Moises na matatagpuan sa Torah na kung saan ay binago din nila.

Ang misyon ni Hesus ay upang pagtibayin ang Torah, gawin ang mga bagay na naaayon sa batas na dati ay labag sa batas at ipahayag at muling pagtibayin ang paniniwala sa Isang Lumikha. Sinabi ni Propeta Muhammad:

***“Ang bawat Propeta ay ipinadala sa kanyang bansa ng natatangi, ngunit ako ay ipinadala sa lahat ng sangkatauhan.” (Saheeh al-bukhari).***

Sa gayon, ipinadala si Hesus sa mga Israelita.

Sinasabi ng Diyos sa Quran na tuturuan Niya si Hesus nang Torah, Ebanghelyo at Karunungan.

***"At ituturo Niya sa kanya ang Aklat at Karunungan, ang Torah at ang Injeel." (Quran 3:48)***

Upang mabisang maipalaganap ang kanyang mensahe, inunawa ni Hesus ang Torah, at binigyan siya ng kanyang sariling kapahayagan mula sa Diyos - ang *Injeel*, o Ebanghelyo. Binigyan din ng Diyos si Hesus ng kakayahang gabayan at maimpluwensyahan ang kanyang mga tao ng mga palatandaan at mga himala.

Sinusuportahan ng Diyos ang lahat ng Kanyang mga Sugo sa pamamagitan ng mga himala na nakikita at may katuturan sa mga tao kung saan ang Sugo ay ipinadala upang gabayan sila. Sa panahon ni Hesus, ang mga Israelita ay magagaling sa larangan ng medisina. Dahil dito, ang mga himalang ginawa ni Hesus (sa pamamagitan ng pahintulot ng Diyos) ay may kahalintulad nito, kasama ang pagbabalik sa paningin ng mga bulag, pagpapagaling ng mga ketongin at pagpapabangon sa mga patay. Sinabi ng Diyos:

***"At pinagaling mo ang mga ipinanganak na bulag at ang mga ketongin sa pamamagitan ng Aking pahintulot. At tingnan! binubuhay mo ang mga patay sa pamamagitan ng Aking pahintulot." (Quran 5:110)***

## Ang Batang si Hesus

Kahit ang Quran o ang Bibliya ay hindi tumutukoy sa pagkabata ni Hesus. Maaari nating isipin, na bilang isang anak sa pamilya ni Imran, siya ay isang banal na bata na nakatuon sa pag-aaral at sabik na maimpluwensyahan ang mga bata at matatanda sa paligid niya. Matapos banggitin si Hesus na nagsasalita sa duyan, agad na isinalaysay ng Quran ang kwento ni Hesus na hinuhubog ang hugis ng isang ibon mula sa luwad. Umihip siya dito at sa pahintulot ng Diyos ay naging isang ibon.

***"Naghulma ako para sa inyo mula sa luwad, na parang hugis ng isang ibon, at hinipan ito, at ito ay naging isang ibon sa pamamagitan ng Kapahintulutan ng Diyos." (Quran 3:49)***

Ang *Infancy Gospel* (Ebanghelyo ng pagkabata) ni Thomas, isa sa isang hanay ng mga teksto na isinulat ng mga naunang Kristiyano ngunit hindi tinanggap sa doktrina ng Lumang Tipan, ay tumutukoy din sa kwentong ito. Ikinuwento nito sa ilang detalye ang kuwento ng batang si Hesus na humuhubog ng mga ibon mula sa luwad at paghinga ng buhay sa kanila. Bagaman kamangha-mangha, naniniwala lamang ang mga Muslim sa mensahe ni Hesus gaya ng isinalaysay sa Quran at sa mga salaysay ni Propeta Muhammad.

Ang mga Muslim ay kinakailangang maniwala sa lahat ng mga kasulatang ipinahayag ng Diyos sa sangkatauhan. Gayunpaman, ang Bibliya, tulad ng umiiral ngayon, ay hindi ang Ebanghelyo na ipinahayag kay Propeta Hesus. Ang mga salita at karunungan ng Diyos na ibinigay kay Hesus ay nangawala, nakatago, nagbago at binaluktot. Ang kapalaran ng mga

teksto ng Apocrypha na kung saan ang *Infancy Gospel* (Ebanghelyo ng pagkabata) ni Thomas ay isa pang patunay rito. Noong 325AD, tinangka ni Emperor Constantine na pag-isahin ang watak-watak na Simbahang Kristiyano sa pagpapatawag ng isang pagpupulong ng mga Obispo mula sa buong mundo. Ang pagpupulong na ito ay nakilala bilang Council of Nicaea, at ang naging kontribusyon nito ay ang doktrina ng Trinidad, na noo'y hindi umiiral, at pagkawala ng humigit kumulang 270 hanggang 4000 na mga ebanghelyo. Iniutos ng konseho ang pagsunog ng lahat ng mga ebanghelyo na hindi itinuturing na karapat-dapat na ilagay sa bagong Bibliya, at ang *Infancy Gospel* (Ebanghelyo ng pagkabata) ni Thomas ay isa sa mga iyon.[1] Gayunpaman, ang mga kopya ng maraming mga Ebanghelyo ay nakaligtas, at, bagaman wala sa Bibliya, ay pinahahalagahan para sa kanilang kahalagahan sa kasaysayan.

# Pinalaya tayo ng Quran

Naniniwala ang mga Muslim na totoong nakatanggap si Hesus ng kapahayagan mula sa Diyos, ngunit hindi niya isinulat ni isang salita, ni inutusan niya ang kanyang mga disipulo na isulat ito.[2] Hindi na kailangan ng isang muslim na subukang patunayan o pasinungalingan ang mga libro ng mga Kristiyano. Pinapalaya tayo ng Quran mula sa pangangailangan na malaman kung ang Bibliya na mayroon tayo ngayon ay naglalaman ng salita ng Diyos, o ang mga salita ni Hesus. Sinabi ng Diyos:

***“Siya ang nagpadala ng Aklat sa iyo ng katotohanan, na pinagtitibay ang mga nauna rito.” (Quran 3:3)***

*At saka:*

***“At Aming ipinanaog sa iyo (o Muhammad) ang Aklat (Quran) sa katotohanan, na nagpapatotoo sa Kasulatan na dumating nang una pa rito at Mohayminan (Karapat-dapat sa Kataasan at isang Saksi) rito (sa mga lumang Kasulatan). Kaya’t iyong hatulan sila ng ayon sa ipinahayag ni Allah.” (Quran 5:48)***

Ang anumang bagay na kapaki-pakinabang para sa mga Muslim na malaman mula sa Torah o ang Injeel ay malinaw na ipinahayag sa Quran. Anuman ang mabuti na natagpuan sa mga nakaraang kasulatan ay matatagpuan na ngayon sa Quran.[3] Kung ang mga salita ng Bagong Tipan ngayon ay sumasang-ayon sa mga salita ng Quran, kung gayon ang mga salitang ito ay maaaring naging bahagi ng mensahe ni Hesus na hindi nabago o nawala sa paglipas ng panahon. Ang mensahe ni Hesus ay ang parehong mensahe na itinuro ng lahat ng mga Propeta ng Diyos sa kanilang mga tao. Ang Panginoong Diyos ay Iisa, kaya sumamba lamang sa kanya. At sinabi ng Diyos sa Quran ang tungkol sa kwento ni Hesus:

***“Katotohanan! Ito ang tunay na pahayag (tungkol sa buhay ni Hesus), at La ilaha ill Allah (wala ng iba pang diyos maliban kay Allah [Siya lamang ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba, ang Tangi at Tunay na Diyos na walang asawa o anak]). At katotohanang si Allah ay Sukdol sa Kapangyarihan, ang Ganap na Maalam.” (Quran 3:62)***

Mga talababa:

[1] Misha'al ibn Abdullah, What did Jesus really say?

[2] Sheikh Ahmad Deedat. *Is the Bible God's word?*

[3] Sheikh-'Uthaymeen *Majmoo' Fataawa wa Rasaa'il Fadeelat* vol. 1, p. 32-33

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.islamreligion.com/tl/articles/1413/si-hesus-anak-ni-maria-bahagi-2-ng-5

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2023 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.